Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 119-2019

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG MARINGAL NA PAGKILALA AT PAGBATI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NI PUNONG LUNGSOD IGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PAMAMAGITAN NI IGG. NOEL G. PINEDA KAY T/E ARVIN C. HECTO DAHIL SA KANIYANG IPINAMALAS NA DEDIKASYON SA PAGTUPAD NG KANYANG SINUMPAANG TUNGKULIN AT MAAGAP NA PAGRESPONDE SA NAKAWANG NAGANAP.

PANGUNAHING MAY-AKDA: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, IGG. FRANCISCO J. CASTRO, IGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE, IGG. DENNIS D. SAN DIEGO, IGG. EMMANUEL R. SACAY, IGG. MICHAEL M. AQUINO, IGG. EDGARDO F. DOMINGO, IGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, IGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, IGG. DIONISIO C. MENDOZA AT IGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang pagbibigay ng pinakamataas, pinakamatamis at pinakamaringal na paglilingkod sa bawat Malolenyo sa pamamagitan ng maagap, responsable at mapanagutang pagganap sa tungkuling iniatang sa bawat kawani at opisyal nito;

SAPAGKAT, noong ika-28 ng Hulyo 2019 ay mabilis na umaksyon at rumesponde si T/E Arvin C. Hecto sa naganap na nakawan sa Makita Tools, Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos sa pagitan ng ika-12:15 - ika-12:30 ng tanghali at dahil sa ipinakitang tapang nito sa pagpapatupad ng batas ay nadakip ang dalawang sangkot sa nasabing krimen;

SAPAGKAT, ang ipinamalas na pagmamalasakit at pagtupad sa tungkulin ni T/E Arvin C. Hecto ay isang kahanga-hanga at isang tunay na modelo sa larangan ng paglilingkod-madla na marapat lamang na tularan ang gawing mabuting ehemplo ng bawat kawani ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, si T/E Arvin C. Hecto ay isang simbulo at buhay na patotoo sa mga katagang "Public Service Above Self" dahil sa kanyang katapatan at walang pasubaling paghahandog ng sarili para sa kapwa at para sa bayan gayundin bilang isang tunay na mukha ng "Public Service is a Public Trust" dahil sa kanyang pagsisikap sa tungkulin ay magbubunga ito ng pagbabalik at pagpapatibay ng tiwala at kumpyansa ng mga mamamayan sa pamahalaan nito;

SAPAGKAT, magkasama ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ang bawat kawani tulad ni T/E Arvin C. Hecto sa pagtataguyod ng isang maunlad, payapa at nagkakaisang pamayanan na nagtataguyod ng kapakanang panglipunan;

Sa kahilingan ni IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA na sinang-ayunan ng lahat ay,

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

IPINASIYA gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya ang pagpapahayag ng maringal na pagbati ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos kay T/E Arvin C. Hecto dahil sa ipinamalas nitong katapangan at kahusayan sa pagtupad ng kanyang tungkulin sa maagap na pagtugon sa nakawang nabanggit dito.

IPINASIYA pa din na bigyang sipi ng Kapasyahang ito ang Tanggapan ng City Traffic Management.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*080119